



ALAM N'YO BANG WALANG TIRAHAN SI JESUS?

Walang sinasabi ang Bibliya kung may tirahan ba si Jesus. Wala rin itong sinasaad kung nagsusuot ba si Jesus ng kurbata at tie. Walang tahanan si Jesus noong Siya'y nabubuhay pa dito sa lupa.

Alam N'yo bang walang tahanan si Jesus? At noong siya'y isilang wala siyang higaan at unan. Napakahirap Niya, Mas mahirap pa sa inakala natin. Wala S'yang trabaho, walang sasakyan at wala ding dala dalang pagkain. Hindi S'ya nagtrabaho para sa tao para kumita; pero pinaglilingkuran N'ya ang lahat.

Pinapagaling ni Jesus ang mga may sakit, pinapalakad N'yang muli ang mga lumpo, nakakakitang muli ang mga bulag, binubuhay ang mga patay, at ginawang bino ang tubig. Pinapalayas din N'ya ang mga demonyo, napapakain ang limang libong katao sa pamamagitan lamang ng limang tinapay at saka dalawang isda. S'yay nakakapaglakad sa ibabaw ng tubig at napapakalma ang dagat. Si Jesus ay isang guro, pastor at profeta. S'ya ang gumawa ng mga utos. Ginawa N'yang mangmang ang mga may mataas na pinag-aralan. Mayroon S'yang malaking pagmamahal sa mga mabababa. Siya ang Manluluwas at hindi Niya hinuhugahan ang tao.

Siguro sasabihin mong: "E, Diyos siya e kaya nakakagawa s'ya ng mga makakabalaghang bagay." Tama ka dahil S'ya ay Diyos sa laman. Iniwan N'ya ang kanyang trono, bumaba dito sa lupa at nagkatawang tao. Nung ginawa N'ya ito nagkaroon na Siya ng limitasyon tulad sa atin. Ang kapangyarihan Niya upang gawin ang mga bagay na nagagawa Niya ay galing sa kanyang Ama sa Langit. Ipinakita sa atin ni Jesus na kailangan nating lubos na magtitiwala sa ating Diyos Ama na nasa langit sa lahat ng bagay. Si Jesus ay may damdaming tulad din sa atin. Alam Niya kung ano ang pakiramdam ng nasasaktan at itinataggi na kapwa. Alam Niya kung paano ang walang matirhan at walang pera. Pinapalo Siya at dinuduraan. Nilagyan Siya ng koronang may tinik at pinako ang kanyang kamay at paa. Pinarusahan Siya dito sa mundo dahil sa mga magaganda at mabubuti niyang gawa dahil takot ang sacerdote na Siya'y gawing Hari, kaya pinarusahan siyang mamatay sa Krus ng Karbaryo. Isang kalagim lagim na pangyayari ito mula noon hanggang ngayon.

Naranasan ni Jesus ang lahat tulad ng mga naranasan natin ngayon. Siya'y naghirap, nasasaktan, umiiyak, nagagalit at nawalan ng pag-asa. Oo nga, pwede nating sabihin na "Siya'y Diyos at di na Niya pagdaanan lahat ng mga ito. Pwede naman Nyang tawagin nalang ang mga anghel upang saklolohan Siya. Pero mga kaibigan, kailangan maranasan Niya ang lahat na ito. Bakit? Dahil mahal Niya tayo, may compassion Siya para sa iyo at sa lahat ng

sangkatauhan. Siya'y nandito sa lupa upang magpasakit at mamatay para sa atin. Kahit nung una pa, alam Niya na kakailangan mo Siya ngayon. Nung si Adan ay nagkasala, alam na Niya na kakailanganin natin ng Manluluwas.

Alam na ng Diyos simula't simula pa ang bawat pangalan ng bawat tao, at alam na din Niya na kapagka pipiliin ni Adan ang kumain sa ipinagbawal na bunga, kakailanganin natin ang Manunubos. Kaya nga Siya'y nagpasakit at nagpakamatay sa krus para sa iyo. Kaya ba mo bang magpasakit at nagpakamatay alang alang sa mga nananakit sayo? Well, nagawa ni Jesus yun. Nagawa Niya yun para sayo dahil mahal ka Niya. Sa katunayan, naga ni Jesus ito para sa mga pumapalo sa kanya, sa mga nagmocked sa kanya, at nagpako Niya sa krus. Dahil ang pagmamahal Niya ay dalisay at banal. Alam ko na hindi ko kayang gawin ang nagawa Niya para sa atin, at alam kong dir in ito kaya ng iba.

Juan 3:16 nagsabi: "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigayniya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay ng walang hanggan." V.17 Sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya."

Ganito kalaki ang pagmamahal ng Diyos sa iyo. Tinatawag ka niya ngayon. Gusto niyang ikaw ay magiging anak niya at maglingkod sa kaniya. Gusto niyang sagipin ka niya mula sa dagat ng apoy na ginawa niya para kay Satanas at sa mga demonyo. Binigyan ka ng Diyos ng pagkakataong magdesisyon ngayon. Gusto ng Diyos na magkaroon ka ng kapayapaan at kasiyahan ngayon. Gusto mo bang malaman kung paano? Hingin mo lang sa Diyos ang kapatawaran sa mga kasalananang nagawa simula pa pagkabata hanggang sa oras na ito. Madali lang kapatid. Ginawa ito ng Diyos na napakadali na mismo mga bata ay kaya itong gawin.

Una, aminin mong ikaw ay makasalanan sa sarili mo at sa Diyos at aminin mong kailangan mo ang kanyang kapatawaran. ***(Romans 3:23 and Romans 5:15) Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapatdapat sa paningin ng Diyos. Ang kasalana'y pumasok sa sanlibutan sa pamamagitan ng isang tao, at ang kamatayan sa pamamagitan ng kasalanan niya. Dahil ditto lumalagananp ang kamatayan sa lahat ng tao sapagkat ang lahat ay nagkasala.***

Pangalawa, kailangang ikumpisal mo ang lahat ng iyong mga kasalanan sa Diyos at ibunyag na si Jesu Kristo ay Anak ng Diyos. Ating ipagsabi na si Jesus ay dumating sa mundo at isinilang kay Birheng Maria at inalay ni Jesus ang kanyang dugo at siya'y namatay sa krus. Kailangang sabihin natin at paniwalaan na muli siyang nabuhay mula sa pagkamatay upang tayong lahat ay maligtas.

Ang sabi sa I Juan 1:9: "Kung ipinapahayag natin an gating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat n gating ksamaan sapagkat siya'y matuwid."

Ang sabi sa Roma 10:9-10: "Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Jesus ay Panginoon at mananalig ka ng buong puso na siya'y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. V.10 Sapagkat nananaklig ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayo'y napawawalang-sala, at nagpapahayag sa pamamagitan ng kanyang mga labi at sa gayo'y naliligtas.

Hindi na mahalaga kung ano ang nagawa mo sa buhay o gaano kalaki kasalanan mo. Handa ang Diyos na patawarin ka ngayon. Wla ka nang ritwal na gagawin, hindi ka na pupunta sa pari o sa kang sinuman sa simbahan para mangumpisal, Di mo na kailangang magbayad dahil ito'y libre. Ang tangi mo lang gawin ay sambitin ang panalanging ito mula sa iyong puso at ikaw ay maligtas ngayon.

Handa ka na bang tanggapin si Kristo Jesus bilang iyong sariling tagapagligtas? Kung ganun, manalangin tayo sa pamamagitan ng pagsunod sa simpleng panalangang ito mula sa iyong puso.

Panginoong Jesus, ako'y makasalanang. Patawarin mo ako sa aking mga kasalanan at pumasok ka sa aking puso at hugasan mo ng iyong banal na dugo ang lahat na pagkakamali ko. Naniniwala po ako ng buong puso na ikaw ay ang bugtong Anak ng Aming Buhay na Diyos at binuhay ka mula sa pagkamatay. Ibibigay ko sa iyo ang aking buhay. Nais ko pong pangunahan mo ako at gabayan simula sa araw na ito hanggang sa pagkatapos. Nagsusumamo po akong pumasok ka sa puso ko. Salamat O Jesus at nagpakamatay ka sa krus dahil sa aking mga kasalanan. Salamat Jesus sa pagligtas mo sa aking kaluluwa at paglilinis. AMEN

Written by:

Ronald L. Alfredson

Translated by: Ptr. Ma. Starlit G. Genelaso

Living Truth Ministries (LTM)

Copyright ©2009 Living Truth Ministries. All Rights Reserved